Saint John School
San Juan, San Ildefonso, Bulacan
**FIRST QUARTER**
**MONTHLY TEST**
**EPP 4**

**Pangalan:** ______________________________________________ **Iskor:** ________________
**Guro:** **Neslyn D.B Perez** **Grade 4 -** ______________

- Kailangan **TAMA ang SPELLING** ng mga isasagot.
- Laging **CAPITAL LETTER** ang isasagot.
- Kailangan **TAMA ang pagkakasunod-sunod ng sagot**.

**I. Isulat ang tamang sagot sa patlang.**

__________________1. Ito ay tumutukoy sa kakayahan at kagustuhan ng isang tao na magsimula ng isang negosyo.

__________________2. Ito ay tumutukoy sa negosyo ng isang entrepreneur. Ito rin ay bunga ng entrepreneurship.

__________________3. Ito naman ang tawag sa taong nagsasaayos at nangangasiwa sa isang negosyo.

__________________4. Sino ang may-ari ng SM o supermarket?

__________________5. Ito ay isang entrepreneur na may kakayahang maglabas ng mga bagong ideya, maging ito man ay sa mga bagong produkto o serbisyong lilikhain o sa mga bagong paraan kung paano ito gagamitin.

_________________6. Ito ay isang entrepreneur ay may kakayahang mag-isip, magsaliksik, at magsuri ng bawat aspekto ng kanyang negosyo, mula sa pagpapalago nito, hanggang sa pananalapi, paglikha, at pagsasapamilihan ng mga produkto.

_________________7. Ito ay may kakayahang iakma ang kanyang sarili at ang kanyang produkto o serbisyo ayon sa hinihingi ng panahon o pagkakataon.

_________________8. Ito ay isang entrepreneur na magkaroon ng sapat na tiwala sa sarili. Maging positibo at laging isaisip na ang kanyang produkto o serbisyo ay bibilhin at tatangkilikin ng pamayan.

_________________9. Ito ay dapat na may pagkukusa. Siya ang magsisimula sa pagtuklas ng kalakal o serbisyong kailangan ng mga tao sa kanyang pamayanan o naiaangkop sa isang lugar o pook.

_________________10. Ito ay isang entrepreneur na siyang gumagawa o yumayari ng produkto. Ang pagyari ng iba't-ibang uri ng damit, laruan, tsinelas, sapatos, accessories, at processed foods ay ilan lamang sa mga halimbawa.

_________________11. Ito ay hindi tahasang nakalilikha ng produkto, bagkus siya ay bahagi lamang sa pagbuo ng isang produkto. Maaaring siya ay nakatuon sa pagsusuplay ng ilang kagamitan na kailangan sa pagbuo ng isang produkto.

_________________12. Ito ay nakikipag-ugnayan sa malalaking kompanya upang mabigyan ng bahagi sa mga malalaking gawain na nakakontrata ng malalaking kompanya.

_________________13. Ito ay isang entrepreneur na nagkakaloob ng isang uri ng serbisyo at siya ay babayaran sa serbisyong kanyang ipinagkaloob.

__________________14. Ito ay tumutukoy sa pagbebenta ng iba't-ibang uri ng produkto nang maramihan o kaya naman ay tingian.

__________________15. Ito ay ang organisadong pagkilos ng paggawa ng mga kalakal at serbisyo para sa pagbebenta.

## II. Isulat ang TAMA kung ang pahayag ay tama at MALI naman kung hindi.

__________________16. Ang entrepreneurship ay nakalilikha ng hanapbuhay.

__________________17. Nakatutulong sa paglago ng ekonomiya ang entrepreneurship.

__________________18. Hindi hinihimok ng pamahalaan ang pagtatayo ng maliliit na negosyo sapagkat mahirap magsimula ito.

__________________19. Mahalaga ang entrepreneurship sa pag-unlad ng bansa.

__________________20. Ang entrepreneurship ay tumutukoy lamang sa pagtuklas ng bagong produkto.

__________________21. Ang kakayahan sa matiyagang pagsasaliksik ay kailangan upang mas mapaunlad ang negosyo.

__________________21. Tamang gayahin ng eksakto ang produktong ginagawa o ibinebenta ng iba.

__________________22. Anuman ang produktong sinimulang gawin ay pang-habambuhay na.

__________________23. Kailangan ng isang nagsisimulang entrepreneur na magkaroon ng tiwala sa sarili upang makapagpatuloy.

__________________24. Kahit anong uri ng negosyong maisipan ay maaaring simulant anumang oras.

__________________25. Ang isang entrepreneur ay tao na nagtatayo ng isang negosyo upang lumago ang ekonomiya.

## III. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

_________26. Ito ay may kakayahang magtayo ng isang negosyo.

a. Entrepreneurship
b. Innovative
c. Industriya
d. Entrepreneur

_________27. Ito ay tumutukoy sa isang negosyo ng isang entrepreneur.

a. Entrepreneur
b. Entrepreneurship
c. Enterprise
d. Subcontracting Industry

_________28. Sinong tao ang may-ari ng SM?

a. Lucio Tan
b. Henry Sy
c. Manuel Pangilinan
d. Tony Tan Caktiong

_________29. Ito ay isang entrepreneur na siyang gumagawa o yumayari ng produkto.

a. Product Industry
b. Process Industries
c. Subcontracting Industry
d. Negosyong Nagseserbisyo

________30. Ito ay ang organisadong pagkilos ng paggawa ng mga kalakal at serbisyo para sa pagbebenta.

a. Enterprise
b. Entrepreneurship
c. Industriya
d. Entrepreneur

**IV. Ibigay ang limang (5) Industriya sa Pagnenegosyo. Ibigay ang tamang pagkakasunod-sunod nito.**

31.

32.

33.

34.

35.

**Ibigay ang limang (5) Katangian ng Isang Entrepreneur. Ibigay ang tamang pagkakasunod-sunod nito.**

36.

37.

38.

39.

40.